

MAHALAGANG PANANALIKSIK

---

# ADULTONG AAPI LGBT SA US KABUTIHAN NG LGBT SA INTERSEKSYON NG LAHI

MAYO 2021

---

Soon Kyu Choi  
Bianca D.M. Wilson  
Lauren Bouton  
Christy Mallory

## EHEKUTIBONG BUOD

Nakatira ang mahigit 11.3 milyong mga adultong LGBT sa U.S. . Bahagi sila ng bawat komunidad sa buong bansa at magkakaiba sa mga personal na katangian, kinalabasan sa socioeconomic, katayuan ng kalusugan, at mga naging karanasan sa buhay. Sa maraming mga paraan, magkatulad ang mga taong LGBT at ang kanilang mga katapat na hindi LGBT, ngunit mayroon din mga pagkakaiba na nagpapatunay na may natatanging mga pangangailangan at karanasan na nauugnay sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian.


Mga 40% ng mga adultong LGBT ay mga taong may kulay, kasama dito ang 3% na kumikilala bilang Asian American o Pacific Islander (AAPI). Sa ulat na ito, sinuri namin ang data galing sa ilang pinagmulan upang makapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga adultong kumikilala sa sarili bilang AAPI at LGBT. Nagpapakita kami ng isang pangkalahatang ideya ng kanilang mga katangiang demograpiko at nakatuon sa ilang pangunahing mga parte ng kagalingan, kabilang ang kalusugan ng isip, kalusugan sa katawan, kalusugan sa ekonomiya, at mga karanasan sa panlipunan at pangkulturang. Bilang karagdagan, inihambing namin ang mga adultong AAPI LGBT at mga di-LGBT sa mga paksa na ito upang tuklasin ang mga pagkakaiba na nauugnay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian sa mga AAPI na Amerikano. Sa ilang pangunahing paksa, inihambing din namin ang mga kababaihan na AAPI LGBT at mga di-LGBT at mga kalalakihan na AAPI LGBT at mga di-LGBT upang tuklasin ang mga pagkakaiba na nauugnay sa kasarian. Sinuri namin ang mga kinalabasan sa mga Asyano at Asyanong Amerikano (AA) na mga LGBT at mga LGBT na Katutubong Hawaiian at Pacific Islander (NHPI) na magkahiwalay sila kapag posible batay sa magagamit na data.

Ang ulat na ito ay bahagi ng isang mas malaking serye, Kabutihan ng LGBT sa Interseksyon ng Lahi, na nagbibigay ng parehong impormasyon sa bawat pangkat na lahi/etniko na minorya sa Estados Unidos.

## KASAMA SA MGA PANGUNAHING NATUKLASAN SA ULAT NA ITO ANG:


### Mga katangiang demograpiko

- Kumikilala ang mga 685,000 na adulto sa Estados Unidos sa sarili bilang AAPI at LGBT. Kabilang sa lahat ng mga adultong AAPI, 4.5% ay kumikilala bilang LGBT, kabilang ang 3.8% ng mga adultong AA at 8.8% ng mga adultong NHPI.
- Mas malaki ang tsansang manirahan ang mga adultong AAPI LGBT sa Kanluran kaysa sa iba pang mga rehiyon: 43% ng mga adultong AAPI LGBT ay nakatira sa Kanluran, kumpara sa 23% sa Hilagang-silangan, 22% sa Timog, at 12% sa Midwest.



- Mas bata ang populasyon ng adultong AAPI LGBT kaysa sa populasyon ng mga adultong AAPI di-LGBT. Halos tatlong-kapat (73%) ng mga adultong AAPI LGBT ay wala pang edad 35 kumpara sa 56% ng mga AAPI na adultong di-LGBT.
- Halos pantay ang ratio ng kasarian sa mga adultong AAPI LGBT na 51% na kababaihan at 49% na kalalakihan at pantay-pantay ito sa mga adultong AA LGBT. Sa mga adultong NHPI LGBT, ang ratio ng kasarian ay 56% kababaihan at 46% kalalakihan.
- May edukasyong kolehiyo ang karamihan (59%) ng mga AAPI LGBT na 25 taong gulang pataas. Gayunpaman, mahigit dalawang dobleng mas malaki ang tsansang magkaroon ng edukasyong kolehiyo ang mga AA LGBT (70%) kaysa sa mga NHPI LGBT (31%). Pareho rin ang agwat na ito sa pagitan ng mga di-LGBT na AA at NHPI.
- Sa pangkalahatan, nagmimilitar ang mga adultong AAPI LGBT sa magkatulad na ratio sa mga di-LGBT na adultong AAPI: Mga beterano ang 4% ng mga adultong AAPI LGBT at 5% ng mga di-LGBT. Sa mga adultong NHPI, mga beterano ang 12% ng di-LGBT kumpara sa 5% ng mga LGBT.
- Bagamat mas malaki ang tsansang mag-sasabi ang mga adultong AAPI LGBT na walang kaugnayan sa relihiyon kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT, relihiyoso ang maraming mga adultong AAPI LGBT. Labing anim na porsyento ng mga adultong AAPI LGBT ay Romano Katoliko, 5% ay Muslim, 5% ay Protestante, at 37% ay may ibang mga kaugnayang relihiyoso.
- Karamihan ng mga adultong AAPI LGBT (94%) at mga adultong AAPI na di-LGBT (95%) ay nakatira sa mga lunsod na lugar.
- Kabilang sa mga may-asawa o nakikipagsamahan, halos 60% ng mga adultong AAPI LGBT ay mayroong kasosyo na ibang kasarian. Mas malaki ang tsansang magkakaroon ng kasosyo na ibang kasarian ang mga babaeng AAPI (68%) kaysa sa mga kalalakihan na AAPI (55%).
- Sa mga adultong AA, mas kaunting mga adultong LGBT (29%) ang nagpapalaki ng mga bata kumpara sa mga adultong di-LGBT (42%). Nagpapalaki ng mga bata ang mga adultong NHPI LGBT (51%) sa isang katulad na ratio sa mga adultong di-LGBT (47%).

% ng mga adultong AA at NHPI na nagpapalaki ng mga bata na inihahambing ang LGBT na katayuan




Paunawa: \* nagpapahiwatig na magkakaiba sa istatistika ang mga pagtatantya sa pagitan ng mga adultong LGBT at di-LGBT

## Katangian pang-ekonomiya

- Mas malaki ang tsansang makaranas ng kawalang-seguridad sa ekonomiya ang mga adultong AAPI LGBT kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT.
- Nabubuhay ang halos isang-ikalima (21%) ng mga adultong AAPI LGBT na may kita ng kabahayan na mas mababa sa \$ 24,000 bawat taon kumpara sa 15% ng mga adultong AAPI na di-LGBT.
- Mas malaki ang tsansang walang trabaho ang mga adultong AAPI LGBT (10% kumpara sa 6%) at makakaranas ng kawalang-seguridad sa pagkain (16% kumpara sa 8%) kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT. Mas malala ang mga pagkakaiba na ito kung inihahambing ang mga adultong NHPI LGBT sa mga adultong NHPI na di-LGBT: walang trabaho ang 14% ng mga adultong NHPI LGBT kumpara sa 8% ng mga adultong NHPI na di-LGBT, at nakakaranas ng kawalang-seguridad sa pagkain ang 40% ng mga adultong NHPI LGBT kumpara sa 22% ng mga adultong NHPI na di-LGBT.
- Mas malaki ang tsansang maninirahan ang mga adultong AAPI LGBT sa mga sambahayan na mababa ang kita (mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan) kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT: nakatira ang 38% ng mga adultong AAPI LGBT sa mga pamilyang mababa ang kita kumpara sa 29% ng adultong AAPI na di-LGBT. Mas malaki ang tsansang maninirahan ang mga adultong NHPI, pareho LGBT at di-LGBT, sa mga sambahayan na mababa ang kita kaysa sa mga adultong AA. Mahigit kalahati (55%) ng mga adultong NHPI LGBT — kasama ang 64% ng mga kababaihan ng NHPI LGBT — ay nakatira sa mga sambahayang mababa ang kita kasama ang 42% ng mga adultong NHPI na di-LGBT.

% ng adultong AAPI LGBT at di-LGBT na nabubuhay ng mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan



Paunawa: \* nagpapahiwatig na magkakaiba sa istatistika ang mga pagtatantya sa pagitan ng mga adultong LGBT at di-LGBT

## Kalusugan sa Kaisipan at Pisikal

- Sa pangkalahatan at sa bawat pangkat, magkatulad ang mga adultong AAPI LGBT at di-LGBT sa pagsasabi na sapat lang o mahina ang kanilang pangkalahatang kalusugan: 16% ng mga adultong AAPI LGBT at 12% ng mga adultong AAPI na di-LGBT ang nag-sasabi na ang kanilang kalusugan ay sapat lang o mahirap. Gayunpaman, mas maraming mga adultong NHPI, kapwa LGBT at di-LGBT, ang nagsasabi na mayroong sapat lang o hindi magandang kalusugan kumpara sa mga adultong AA. Bilang karagdagan, mas malaki ang tsansang magsasabi ang mga kababaihan ng AAPI LGBT (17%) na sapat lang o mahina ang kalusugan nila kaysa sa mga di-LGBT na kababaihan (12%), subalit ang pagkakaiba ay dahil mataas ang proporsyon ng mga kababaihang NHPI na nagsasabi sapat lang o mahina ang kalusugan nila (29%).

- Na-diagnose na may depresyon ang mahigit isang-ikalima (21%) ng mga adultong AAPI LGBT kumpara sa 7% ng mga adultong AAPI na di-LGBT. Sa mga kababaihan, 30% ng mga kababaihan na AAPI LGBT (at 30% ng parehong mga kababaihan ng AA at NHPI LGBT) ay na-diagnose na may depresyon kumpara sa 9% ng lahat ng mga babaeng AAPI na di-LGBT, 9% ng mga babaeng AA na di-LGBT, at 14% ng mga babaeng NHPI na di-LGBT.
- Mas malaki ang tsansang makikisali ang mga adulong AAPI LGBT sa mapanganib na kilos pang-kalusugan kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT. Sa mga adultong AAPI LGBT, 21% ang nagsasabi na kasalukuyan silang naninigarilyo at 7% ang nagsasabi na malala ang kanilang pag-inom kumpara sa 11% at 2% ng mga adultong AAPI na di-LGBT. Napaka-taas ang mga ratio ng mapanganib na pag-uugali sa mga adultong NHPI: 36% ng mga adultong NHPI LGBT at 23% ng mga adultong di-LGBT na NHPI ay naninigarilyo at 16% ng mga adultong NHPI LGBT at 5% ng mga adultong NHPI na di-LGBT ang nagsasabi na labis na silang nag-iinom.
- Sa pangkalahatan, nagsasabi ang mas maraming mga adultong AAPI LGBT at di-LGBT na may mga antas ng pagkakaroon ng banayad o mataas na kapansanan, na sinusukat sa bilang ng mga araw na nakaranas ang mga respondente ng mga limitasyon dahil sa hindi magandang kalusugan sa nakaraang buwan. Sa mga adultong NHPI, mas malaki ang tsansang makaranas ang LGBT na kalalakihan (31%) ng banayad na kapansanan, (tinutukoy bilang pagkaranas ng mga limitasyon dahil sa mahinang kalusugan para sa 1-14 na araw sa nakaraang buwan) kaysa sa mga NHPI na di-LGBT na kalalakihan (17%).
- Mas malaki ang posibilidad na ma-diagnose na may ilang seryosong kondisyon sa kalusugan, kabilang ang hika, diabetes, cancer at mataas na presyon ng dugo ang mga adultong AAPI LGBT kumpara sa mga adultong AAPI na di-LGBT. Gayunpaman, ang mga pagkakaiba na ito ay pangunahing dahil sa mas mataas na pagkalat ng mga kundisyong ito sa mga adultong NHPI LGBT.

## Pag-access sa health care


- Mas malaki ang tsansang kulang sa health insurance ang mga adultong AAPI LGBT kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT: Walang insurance ang 13% ng mga adultong AAPI LGBT kumpara sa 10% ng mga adultong AAPI na di-LGBT.
- Mas malaki ang tsansang magkakaroon ang mga adultong AAPI LGBT (9%) ng Medicaid bilang kanilang pangunahing insurance kaysa sa mga adultong AAPI di-LGBT (4%). Sa mga kababaihan, 8% ng mga kababaihang AA LGBT at 20% ng mga kababaihang NHPI ay naka-enroll sa Medicaid kumpara sa 4% ng mga babaeng di-LGBT at 10% ng mga kababaihan na di-LGBT na NHPI.
- Mas malaki ang tsansang naka-enroll ang mga magulang ng AAPI LGBT sa Medicaid kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT: 12% ng mga adultong AAPI LGBT, kabilang ang 17% ng mga kababaihang nagpapalaki ng mga bata ay naka-enrol sa Medicaid kumpara sa 5% ng mga adultong AAPI na di-LGBT, kabilang ang 6% ng mga kababaihan.
- Mayroong personal na doktor ang halos dalawang-katlo ng mga adultong AAPI LGBT (63%) at mga adultong AAPI na di-LGBT (67%). Gayunpaman, mas mababa ang tsantang magkakaroon ng isang personal na doktor ang mga adultong NHPI LGBT (59%) kaysa sa mga adultong NHPI na di-LGBT (69%).

## Diskriminasyon at Mga Nakababahalang Kaganapan

- Mas malaki ang tsansang sasabihin ng mga adultong AAPI LGBT na sa tingin nila ay hindi sila ligtas kaysa sa mga adultong AAPI na di-LGBT: Sinabi ng 17% ng mga adultong AAPI LGBT na hindi sila sumasang-ayon sa pahayag na “Palaging ligtas at protektado ang iyong pakiramdam” kumpara sa 7% ng mga adultong AAPI na di-LGBT. Partikular na mataas ang mga ratio ng pakiramdam na hindi ligtas sa mga adultong NHPI LGBT (26%) at mga adultong di-LGBT na NHPI (12%).
- Nag-ulat ng maraming mga adultong AAPI transgender ng mga karanasan ng diskriminasyon at pagkabiktima. Sinabi ng pitumpu’t isang porsyento ng mga adultong AAPI transgender na nakaranas sila ng pang-araw-araw na diskriminasyon (tulad ng pagtrato sa mas kaunting paggalang kaysa sa ibang tao), 56% ang nagsabi na nakakaranas ng pisikal na pag-atake at pagbabanta, at 63% ang nagsabi na nakakaranas ng pandiwang pag-atake o pang-aabuso. Walang kaparehong data para sa mga taong AAPI cisgender LGB at di-LGB.

- Maraming AAPI transgender na adulto ay nagreport na may stress na pinansyal at stress na nauugnay sa trabaho: 80% ang nagsabi na may tuloy-tuloy na pampinansyal na stress at may kaugnayan sa trabaho, 28% nagreport na nawalan ng trabaho. 23% nagreport na binigyan nang negatibong review at nawalan nang promosyon sa trabaho. Walang kaparehong data para sa mga taong AAPI cisgender LGB at mga di-LGB.

% ng mga adultong AAPI LGBT at di-LGBT na hindi sumasang-ayon sa pahayag na “Palaging ligtas at protektado ang iyong pakiramdam”



Paunawa: \* nagpapahiwatig na magkakaiba sa istatistika ang mga pagtatantya sa pagitan ng mga adultong LGBT at di-LGBT

## Katatagan

- Sinabi ng karamihan (78%) ng mga adultong AAPI transgender na pakiramdam nilang konektado sa komunidad ng transgender.
- Sinabi ng mas mababa sa kalahati (41%) ng mga adultong AAPI transgender na pakiramdam nilang konektado sa pamayanan ng AAPI.
- Sinabi ng halos kalahati ng mga adultong AAPI transgender na naramdaman nilang suportado sila sa pamamagitan ng kanilang mga lipunan at nakaramdam ng isang sosyal na kagalingang.
- Walang data sa katatagan ng mga taong AAPI cisgender LGB at mga di-LGB na tao.

Bilang karagdagan sa pagpapakita ng pambansang data, inihambing namin ang mga adultong AAPI LGBT at mga di-LGBT sa ilang pangunahing kinalabasan ayon sa rehiyon sa U.S.: Kanluran, Hilagang-silangan, Timog, sa Midwest. Sa pangkalahatan, nagpapatunay ang mga huwaran na natagpuan sa loob ng bawat rehiyon parehas sa kung ano ang aming nahanap sa buong U.S. Matatagpuan ang mga buong detalye sa mga pagsusuri sa rehiyon sa pahina 39 ng ulat.

## PAGSASALIN

Pagsasalin ng Ingles sa Tagalog na isinagawa ng Paragon Language Services  
Nirepaso ni Joy Pumar

<sup>i</sup> Conron, K.J., Goldberg, S.K., (2020). Adult LGBT Population in the United States. The Williams Institute, UCLA, Los Angeles, CA.

<sup>ii</sup> LGBT Demographic Data Interactive. (January 2019). Los Angeles, CA: The Williams Institute, UCLA School of Law.